Mensahe Apat

## Ang Biyaya sa mga Liham ni Pedro

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 1:2b, 10, 13; 2:19-20; 3:7; 4:10; 5:5, 10, 12; 2 Ped. 1:2; 3:18

**I. Ang biyaya ay ang nabuhay na muling Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay na malayang ibinibigay ang Kanyang sarili sa atin, bilang lahat-lahat sa atin, at ginagawa ang lahat sa loob natin, para sa atin, at sa pamamagitan natin para sa ating pagtatamasa—Juan 1:14, 16-17; 2 Cor. 1:8-9, 12; Gal. 2:20; cf. 1 Cor. 15:10.**

**II. Ang multiplikasyon ng biyaya ay ang biyaya na minultiplika sa ating pang-araw-araw na buhay sa buong kaalaman ng Diyos at ni Hesus na ating Panginoon; ang biyaya ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay mayaman, nagmumultiplika, at sumasagana—1 Ped. 1:2b; 2 Ped. 1:2; Juan 1:16; Efe. 1:6-8; 2:7; Roma 5:17, 21; 1 Tim. 1:14; Apoc. 22:21:**

A. Ang biyaya ay nagmumultiplika sa atin sa pamamagitan ng ating mga pagdurusa, mga limitasyon, at mga kahinaan; ang biyaya ay si Kristo bilang ating Tagapagdala ng kabigatan; lalo tayong may mga kabigatan, lalo tayong may mga oportunidad na maranasan si Kristo bilang biyaya—2 Cor. 12:7-9; cf. 1:12, 15.

B. Ang pagtatamasa sa Panginoon bilang biyaya ay nasa mga umiibig sa Kanya—Efe. 6:24; Juan 21:15-17; 1 Ped. 1:8.

C. Ang pagtatamasa sa Panginoon bilang biyaya kasama ang Kanyang dibinong kalikasan ay sa pamamagitan ng ating pagtanggap at pananatili sa salita ng Kanyang biyaya, na kinabibilangan ng lahat ng Kanyang mahalaga at napakadakilang pangako—Gawa 20:32; 2 Ped. 1:4; Efe. 6:17-18.

**III. Pinropesiya ng mga propeta sa Lumang Tipan ang tungkol sa biyaya na darating sa atin—1 Ped. 1:10:**

A. Ang Espiritu ni Kristo sa mga Lumang Tipang propeta ay ginawang malinaw ang tungkol kay Kristo na dumarating bilang biyaya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang tao, Kanyang mga pagdurusa sa Kanyang pantaong pamumuhay at pagkapako sa krus, at Kanyang mga kaluwalhatian sa Kanyang pagkabuhay na muli, pag-akyat sa langit, ikalawang pagdating, at paghahari para sa aplikasyon ng lubos na pagliligtas ng Diyos sa atin—bb. 5, 9-10; cf. Aw. 22; Isa. 53; Dan. 9:26.

B. Bagama't ang Espiritu ni Kristo ay pampanahunang nabuoan sa pamamagitan at kasama ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo sa Bagong Tipang kapanahunan (Juan 7:39; Roma 8:9-11), ang pangsyon ng Espiritu ay walang hanggan, sapagkat Siya ang walang hanggang Espiritu (Heb. 9:14).

C. Ang Espiritu ni Kristo, sa Kanyang walang hanggang pangsyon, ay nasa mga Lumang Tipang propeta, ginagawang malinaw ang mga ito hinggil sa pagdating ni Kristo sa mga Bagong Tipang mananampalataya upang maging ang sumasapat sa lahat at di-nalilimitahang biyaya ng lubos na pagliligtas ng Diyos para sa kanilang pagpasok sa kagalakan ng Panginoon sa kapanahunan ng kaharian, na siyang kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa—Juan 1:17; Heb. 10:29b; 1 Ped. 1:9; Mat. 25:21, 23.

D. Inaaplay ng Espiritu ni Kristo ang lubos na pagliligtas ng Diyos bilang biyaya sa atin sa pamamagitan ng dawalang kaparaanan: ang pagpopropesiya ng mga Lumang Tipang propeta at ang pagpapahayag ng mga Bagong Tipang apostol—1 Ped. 1:10-12; cf. Apoc. 2:7a.

**IV. Ang biyaya kung saan lubusang inilagak ng mga mananampalataya ang kanilang pag-asa ay dadalhin sa kanila sa pagpapakita ng Panginoong Hesu-Kristo—1 Ped. 1:13:**

A. Ang biyaya na dinadala sa atin sa pagpapakita ni Hesu-Kristo ay tumutukoy sa kaligtasan ng ating kaluluwa bilang ang kaganapan ng lubos na pagliligtas ng Diyos—bb. 5, 9-10:
   1. Ang biyayang ibinigay sa atin kay Kristo ay ginawad sa atin bago magsimula ang sanlibutan—2 Tim. 1:9; Tito 2:11.
   2. Ang Diyos, na nasa pasimula, ay naging laman sa panahon bilang biyaya upang tanggapin, angkinin, at tamasahin ng tao—Juan 1:1, 14, 16-17.
   3. Ang naprosesong Tres-unong Diyos, na napasukdol bilang ang nagpapaloob ng lahat, nagbibigay-buhay, at nananahang Espiritu, ay naging ang Espiritu ng biyaya sa ating espiritu—1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17; Heb. 10:29b; Gal. 6:18; Fil. 4:23.

B. Araw-araw ay dapat tayong maging mga bukas na sisidlan upang maging mga patuloy na tagatanggap ng biyaya at ilagak ang ating pag-asa nang ganap at lubusan sa biyayang ito—Roma 5:17; 1 Ped. 1:13.

**V. *Ang biyaya sa Diyos* sa 1 Pedro 2:19-20 ay tumutukoy sa motibasyon ng dibinong buhay sa loob natin at sa kahayagan nito sa ating pamumuhay, na sa ating gawi ay nagiging mabiyaya at katanggap-tanggap kapwa sa mga mata ng tao at Diyos:**

A. Ang biyaya bilang ang naprosesong Tres-unong Diyos para sa ating katamasahan ay nagiging ating panloob na motibasyon at panlabas na kahayagan sa ating matalik na pakikisalamuha sa Diyos at sa ating kamalayan sa Diyos; kailangan nating lahat na matutuhan kung paanong magkaroon ng biyaya, yaon ay ang kunin ang biyaya, angkinin ang biyaya, gamitin ang biyaya, at iaplay ang biyaya—Heb. 12:28.

B. Ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang biyayang tinanggap at tinamasa natin ay nagiging kitang-kitang nahayag upang makita ng iba sa ating banal na pamumuhay at mga pagpupulong ng ekklesia—Gawa 11:23.

C. Tayo ay tinawag upang tamasahin at ihayag si Kristo bilang biyaya sa gitna ng mga pagdurusa upang tayo ay maging isang pagpaparami, isang *xerox copy*, ni Kristo bilang ating modelo, ayon sa Kanyang Diyos-taong pamumuhay—1 Ped. 2:20-21.

**VI. Ang biyaya ng buhay ay ang mana ng lahat ng mananampalataya, malakas man o mahina—3:7:**

A. Ang biyaya ng buhay ay ang Diyos bilang buhay at panustos ng buhay sa atin sa Kanyang Dibinong Trinidad—ang Ama bilang ang pinagmumulan ng buhay, ang Anak bilang ang daluyan ng buhay, at ang Espiritu bilang ang pagdaloy ng buhay, na dumadaloy sa loob natin, kasama ang Anak at ang Ama, bilang biyaya sa atin—1 Juan 5:11-12; Juan 7:38-39; Apoc. 22:1.

B. Tayo ay mga tagapagmana ng biyaya ng buhay at mga sisidlan upang maglaman ng biyaya ng buhay—1 Ped. 3:7; Efe. 1:14; 2 Cor. 4:7.

**VII. Ipinahihiwatig ng iba't ibang biyaya ng Diyos ang mga kayamanan ng biyaya ng Diyos sa mga uri nito na inihahain ng mga banal sa isa't isa—1 Ped. 4:10:**

A. Ang iba't ibang biyaya ng Diyos ay ang mayamang panustos ng buhay, na siyang ang Tres-unong Diyos na inihain sa atin sa maraming aspeto—2 Cor. 13:14; 12:9.

B. Kailangan tayong maging mga mabuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos, nagsasalita ng mga salita ng biyaya bilang mga orakulo ng Diyos at naghahain ng kalakasan at kapangyarihan ng biyaya, na itinutustos ng Diyos—1 Ped. 4:10-11; Luc. 4:22; Efe. 3:2; 4:29.

**VIII. Nagbibigay ang Diyos ng biyaya sa mapagpakumbaba, subalit laban Siya sa palalo—1 Ped. 5:5:**

A. Sa buhay-ekklesia, kailangan nating lahat na bigkisan ang ating sarili ng kapakumbabaan tungo sa isa't isa upang matamasa natin ang Diyos bilang ang Tagapagbigay ng biyaya—cf. Juan 13:3-5.

B. Ang kapakumbabaan ang nagliligtas sa atin mula sa lahat ng uri ng pagkawasak at nag-aanyaya sa biyaya ng Diyos, samantalang ang kapalaluan ay ginagawa tayong pinakahangal—Sant. 4:6; Aw. 138:6; Kaw. 29:23.

C. Kailangan tayong maging handa na mapakumbaba, magpakababa, sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos sa Kanyang pagdidisiplina at ilagak sa Diyos ang ating buhay kalakip ang kabalisahan nito, sapagkat Siya ay mapagmahal at matapat na nagmamalasakit para sa atin—1 Ped. 5:5-7; cf. Aw. 55:22.

**IX. "Ang Diyos ng lahat ng biyaya"—na tumawag sa mga mananampalataya tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian—ang nagpapasakdal, nagpapatibay, nagpapalakas, at nagtatatag sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga pagdurusa; ang "lahat ng biyaya" na ito ay ang "tunay na biyaya ng Diyos," kung saan ang mga mananampalataya ay dapat pumasok at kung saan sila ay nakatayo—1 Ped. 5:10, 12.**

**X. Ang tunay na biyaya ng Diyos ay ang biyaya kung saan, kalakip ang kaalaman sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo, ang mga mananampalataya ay dapat lumago tungo sa Kanyang kaluwalhatian kapwa ngayon at hanggang sa araw ng walang hanggan; ito ang pangwakas na salita ng mga sulatin ni apostol Pedro, nagpapahiwatig na anuman ang kanyang isinulat ay mula, sa loob, at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos —2 Ped. 3:18:**

*© 2021 Living Stream Ministry*